# dalumat

MULTIKULTURAL AT MULTIDISIPLINARYONG E-JOURNAL SA ARALING FILIPINO
Isyu 2022 Tomo 8 Blg. 1 ISSN 2094-4187

**MULA SA EDITOR**

**Ang Zoom Bilang Platapormang Pang-edukasyon Sa Pagtuturo ng Wika: Mga Repleksiyon at Rekomendasyon mula sa Sistematikong Rebyu ng mga Literatura**
*Jay Israel B. De Leon, Oliver Z. Manarang, Nixon Paul J. Sumaoang*

**Naratibo ng mga Piling Retiradong Matandang Dalagang Guro Mula sa mga Pang-estadong Unibersidad**
*Christian P. Gopez, Rowell D. Madula, PhD*

**Sirkum-Wao, Lanao-Linaw, Ligaw, At Galaw: Cultuphobia ng Meranao sa Kaugaliang Kandatu Bilang Bahagi ng Kalinangan**
*Amroding Tauter Baraiman*

**Ang *Attack on Titan* ni Hajime Isayama Batay sa Iba't Ibang Pilosopikal na Pananaw**
*Mark Joseph Pascua Santos*

**Pagpapalit-Koda bilang Daluyan ng Damdamin sa 'Patay na si Hesus'**
*Jeconiah Louis Dreisbach*

**Mga Titik at Tunog: Pahambing ng Palatitikan ng Wikang Ingles at Filipino**
*Jane Pauleen Morales-Lacson, Vasil A. Victoria, PhD*

**Rebyu sa Artikulong *Translation, Colonialism And Rise Of English* ni Tejaswini Niranjana**
*Billy De Guzman*

DALUMAT
E-JOURNAL

# ANG *ATTACK ON TITAN* NI HAJIME ISAYAMA BATAY SA IBA'T IBANG PILOSOPIKAL NA PANANAW

## *Attack on Titan by Hajime Isayama Based on Different Philosophical Perspectives*

**Mark Joseph Pascua Santos**
*Centro Escolar University*
*mjpascuasantos@gmail.com*

**Abstrak**

Dalawa sa mga hibla ng Pilosopiyang Filipino ay patungkol sa paggamit ng banyagang pilosopiya at pamimilosopiya sa wikang Filipino. Makatutulong ang dalawang ito tungo sa pagsasalin ng mga banyagang kaisipan sa talastasang bayan. Ang dalawang hiblang ito ang nais na ambagan ng kasalukuyang sanaysay, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng rebyu sa isang halimbawa ng *anime/manga* na Hapon: ang *Attack on Titan* (AOT) ni Hajime Isayama. Gagamitin sa pagbasa ng AOT ang mga pilosopikal na pananaw ng ilang Aleman/Austrianong pilosoper/sikolohista na sina Sigmund Freud, Erich Fromm, Carl Schmitt, at Friedrich Nietzsche. Sa pagbasang ito sa pamamagitan ng apat na banyagang palaisip, tututukan ang tema ng kalayaan at digmaan. Liban dito, maglalatag din ng pagmumuni-muni ukol sa paksa ng pananangkapan sa kasaysayan bilang sandatang pulitikal, isang temang lantad na lantad rin sa AOT. Ang lahat ng ito ay isasagawa sa wikang Filipino, bilang pagtatangka na makapag-ambag sa pagpapasok ng *anime/manga* na Hapon at pilosopiyang Aleman/Austriano sa talastasang bayan.

**Mga susing salita:** Attack on Titan, Hajime Isayama, pilosopiya, kalayaan, digmaan, kasaysayan

***Abstract***

*Among different threads of Filipino Philosophy, two are concerned with the application of foreign philosophy and philosophizing using Filipino language. These two can help in the translation of foreign ideas into the people's discourse. This present essay aims to contribute to these two threads, by making a review of an example of Japanese anime/manga: the Attack on Titan (AOT) by Hajime Isayama. In this reading of AOT, some philosophical perspectives will be used, particularly those of German/Austrian philosophers/psychologists like Sigmund Freud, Erich Fromm, Carl Schmitt, and Friedrich Nietzsche. The focus of this reading using four foreign thinkers will be on the themes of freedom and war. Aside from this, the essay will also present some musings on the political weaponization of history, a theme that is also too apparent in AOT.*

*All of these will be done in Filipino language, as an attempt to integrate Japanese anime/manga and German/Austrian philosophy into the people's discourse.*

***Key words:*** *Attack on Titan, Hajime Isayama, philosophy, freedom, war, history*

## PANIMULA

> *Bawat nabubuhay na kabuuang kultural ay umaangkin ng galing sa iba at sa labas, batay sa sariling batas ng pagkakultura, upang umiral at huwag pumanaw at maangkin pa nga ng iba. Bilang isang organismong istoriko-kultural na may sariling kakanyahan, ang pamayanang Pilipino ay dapat na humango (at sumalok pa nga) sa buong daigdig, tumanggap ng pangkalinangang ambag at impluho mula sa alinmang panig, subalit ang lahat ng ito'y dapat ilagak sa sariling wika, sapagkat dala ng wika ang ating kulturang kanya ring pinauunlad. Kaya kailangan ang pagsasalin sa Pilipino, isang gawaing lalo pang magkakamit ng ibayong lawak at kabuluhan sa tulin at ritmo ng ating pagiging buong pagkakultura-at-wika.*
>
> -Zeus A. Salazar (1974, ix-x)

Ang wika ay impukan-kuhanan ng kalinangan (Salazar 1996, 19). Ito ang naglalaman ng totalidad ng kaalaman ng isang bayan. Bawat kultura ay likas na sumasalok ng kaalaman mula sa ibang kultura, para sa sarili nitong ikalalago. At isang pangunahing paraan upang sumalok ng kaalaman sa ibang kultura ay sa pamamagitan ng pagsasalin tungo sa wika ng sumasalok na kalinangan. Sa pamamagitan ng pagsasalin, ang mga kaalamang banyaga ay posibleng pumasok sa talastasang bayan (ibig sabihin, sa pag-uusap-usap ng Kapilipinuhan sa wikang nauunawaan ng nakararami). "Posible" at hindi pa sigurado dahil ibang usapin ang pagsasalin sa pag-aangkin. Kapag naisalin na ang mga banyagang kaalaman sa Filipino ng mga akademiko, hindi ito nangangahulugan na tuluyan na itong naging bahagi ng talastasang bayan. Nasa bayan ang huling pagpapasya kung tuluyan nilang aangkinin ang mga isinaling banyagang kaalaman sa Filipino, batay sa saysay nito sa pangangailangan ng kanilang konteksto.[1] Magkagayunman, napakahalaga pa rin talaga ng pagsasalin, dahil hindi magiging posible ang anumang pag-aangkin ng mga banyagang kaalaman kung hindi muna sisimulan ang preliminaryong hakbang ng pagsasalin.

Sa isang pag-aaral ni F.P.A. Demeterio (2013), naglista siya ng labing-anim na mga umiiral na uri ng pilosopiya sa Pilipinas na maituturing na "Pilosopiyang Filipino." Kabilang sa labing-anim ang dalawang ito: paggamit ng mga banyagang pilosopiya at pamimilosopiya sa wikang Filipino. Maaaring pagsamahin ang dalawang ito: pamimilosopiya ukol sa mga banyagang pilosopiya gamit ang wikang Filipino. Isa sa mga dakilang pantas na pinakanakilala sa ganitong uri ng Pilosopiyang Filipino ay ang namayapang Padre Roque Ferriols. Halimbawa, mayroon siyang aklat na tumatalakay sa pilosopiya ng relihiyon ayon sa kaisipan nina Augustine, Thomas Aquinas, at Gabriel Marcel na nasa Filipino (Ferriols 2014). Klasiko rin ang kanyang akda na nakatuon sa

[1] Puntong idiniin ni Atoy Navarro sa kanyang rekomendasyon/*blurb* sa likurang pabalat ng Santos (2021).

pamimilosopiya ukol sa mga sinaunang Griyego na nasa wikang Filipino (Ferriols 1992). Bukod kay Ferriols, mayroon pang ibang Pilipinong pantas na umaatupag sa pamimilosopiya ukol sa mga banyagang pilosoper gamit ang wikang Filipino. Ilan sa mga ito ay si Florentino Timbreza (1999) na nagsalin sa Filipino ng pamimilosopiya ni Lao Tzu, si Emmanuel de Leon (2013) na sumuri sa konsepto ng "*Sein*" ni Martin Heidegger, at si F.P.A. Demeterio (2013) na nagsiyasat sa saysay ng pilosopiya ni Jean-Francois Lyotard sa Araling Filipino.

Ang ganitong hibla ng Pilosopiyang Filipino (pamimilosopiya ukol sa banyagang pilosopiya sa wikang Filipino) ay isang malaking ambag sa nabanggit na proyekto ng pagsasalin ng mga banyagang kaisipan tungo sa talastasang bayan. Sa ganitong larangan nais makapag-ambag ng sanaysay na ito, sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa isang halimbawa ng *anime*/*manga* na Hapon gamit ang samu't saring pilosopikal na pananaw ng ilang Aleman/Austriano na pilosoper/sikolohista. Ang partikular na *anime/manga* na nais kong gawan ng pagmumuni-muni ay ang *Shingeki no Kyojin* o *Attack on Titan* (AOT) ni Hajime Isayama. Kamakailan, labis na lumaganap ang katanyagan nito sa iba't ibang panig ng mundo, lalo pa sa paglitaw ng *Season 5* nito noong 2021 (ang numero ng mga *Season* sa buong rebyung ito ay nakabatay sa itinakdang mga numero sa *Netflix*). Mayroong ilang komentarista na tinawag itong "*the best anime of all time*" (Acosta 2021). Sa *MyAnimeList* na isa sa mga pinagkakatiwalaang *website* na naglalaman ng pagraranggo ng mga *anime,* pumapangalawa ang AOT sa *Death Note* sa kategoryang "*Top Anime by Popularity*" noong Mayo 2021 (MyAnimeList, w.t.). Ang katanyagang ito ng AOT, partikular sa Pilipinas, ay sapat na dahilan upang pag-ukulan ito ng panahon at enerhiya para isalang sa isang pagmumuni-muni.

Marami nang indibiduwal ang nakapansin sa mayamang pilosopiya ng AOT. Mayroon nang nagsagawa ng paglalapat ng mga ideya ni Plato sa AOT (Suh 2014). Marami na ring nakapansin sa tema ng pasismong Aleman sa AOT (Brinkhof 2020). Sa katunayan, may mga pormal nang mga pag-aaral na nailathala sa mga dyornal ukol AOT na nasa wikang Ingles (Yamazaki 2018-2019; Vernon 2017). Ngunit wala pa akong nakikitang anumang nakalimbag na pagsusuri sa AOT na nasa wikang Filipino. Ito ang nais kong isagawa sa sanaysay na ito. Ngunit hindi ito magiging isang sistematikong pagsusuri sa pilosopiya ng AOT, kundi isang panimulang pagmumuni-muni pa lamang. Sa pagmumuni-muning ito, na nasa wikang Filipino, kakasangkapin ko ang samu't saring pilosopikal na pananaw ng ilang Aleman/Austriano, partikular na ang kaisipan nina Sigmund Freud, Erich Fromm, Carl Schmitt, at Friedrich Nietzsche. Samakatuwid, pagtatangka itong makatulong sa talastasang bayan na sumalok kapwa mula sa kalinangang Hapon at Aleman/Austriano.

## PAGMUMUNI-MUNI

Ang panimulang pagmumuni-muning ito ay tematiko. Ibig sabihin, naka-organisa ang pagmumuni-muni batay sa tema. Dalawang tema ang pangunahing titingnan ko rito. Ang una ay nakatuon sa tema ng kalayaan, habang ang ikalawa naman ay nakatutok sa mga pananaw sa digmaan. Hindi aksidental ang pagpili sa dalawang ito. Sa mga nagsulat ng rebyu at gumawa ng mga pagsusuring bidyo, ang dalawang ito ang ilan sa mga temang pinakamadalas na lumitaw. Liban sa pagtalakay sa dalawang temang ito (kalayaan

at digmaan) gamit ang pananaw ng apat na Aleman/Austrianong pilosoper/sikolohista, maghahain din ako ng sariling pananaw sa AOT, na nakatuon sa isang partikular na tema: ang pananangkapan sa kasaysayan bilang sandatang pulitikal.

**Ang Pilosopiya ng Kalayaan sa *Attack on Titan***

Sa mga gumawa ng pagsusuri sa AOT ay mayroong pagkakaisa sa opinyon na isa sa mga pangunahing tema ng *anime/manga* na ito ay ang konsepto ng kalayaan. Mayroong rebyuwer na nagsabi na ang protagonistang si Eren ay isang karakter na may obsesyon sa kalayaan (The Daily Critic 2020). Siguradong napansin ito ng karamihan sa mga manonood ng *anime* o mambabasa ng *manga* ng AOT. Napakalawak ng konsepto ng kalayaan sa konteksto ng pilosopiya, at samu't sari na ang naihaing pakahulugan dito ng mga palaisip. Para sa rebyung ito sa AOT, hihiramin natin ang pakahulugan ni Nurten Gokalp (2012, 478) sa kalayaan bilang kakayahan ng tao na kumilos (o 'di kumilos) batay sa sariling kagustuhan, nang walang anumang panlabas na hadlang.

Sa unang episodo pa lamang ng AOT na "*To You, After 2000 Years: The Fall of Shiganshina*" ay litaw na ito. Sa isang eksena ng pag-uusap ni Eren at Armin, makikitang sa kanilang persepsyon, ang mga dambuhalang pader ay hindi proteksyon para sa kaligtasan ng mga tao, kundi hadlang sa pagtuklas ng mas malawak na mundo sa labas ng mga pader. Maging ang istriktong pagbabawal ng pamahalaan ukol sa pagkakaroon ng interes sa anumang bagay na may kinalaman sa labas ng pader ay itinuturing nila na restriksyon sa kanilang kalayaan. Tugon ni Eren sa restriksyon ng pamahalaan: "*It's our lives! We can risk them if we want*!" (lahat ng direktang sipi sa sanaysay na ito ay mula sa *subtitle* sa Ingles ng AOT na nasa *Netflix*, liban na lamang sa mga huling kabanata ng *manga* na wala pa sa *anime*). Sa buong *Season* 1-3, konsistent ang ganitong pagnanasa nina Armin at Eren na maging malaya sa restriksyon ng dambuhalang pader. Ang mismong pagsali nila, kasama si Mikasa, sa *Scout Regiment* ay mismong ekspresyon ng pagnanasang ito tungo sa kalayaan. Hindi nagkataon lamang na ang pangalan ng mismong *logo* ng *Scout Regiment* ay "*Wings of Freedom*."

Sa aking palagay, isa sa pinakamalaking transisyon sa kwento ng AOT, na nagpabago sa persepsyon ng mga protagonista sa kalayaan, ay ang pagkatuklas nila sa *Season* 4 *Episode* 56 ("*The Basement*") na mayroon pa palang komunidad ng mga tao sa labas ng pader. Nangangahulugan ito na ang tunay na banta sa kanilang kalayaan ay hindi ang mga *Titan*, kundi ang buong daigdig ng mga tao sa labas ng pader. Ang pagbabagong ito ay malinaw na mapapansin sa mga sinabi ni Eren sa S4 E59 na "*The Other Side of the Wall*": "*If we kill all our enemies over there, will we finally be free?*" Mula sa pagkakataong ito ay mas kumplikado na ang presentasyon ni Isayama sa tema ng kalayaan. Kung sa *Season* 1-3 ang kalayaan ay kinakatawan lamang ng payak na pagnanasang matuklasan ang daigdig sa labas ng pader, sa *Season* 4-5 ang kalayaan ay nasa konteksto na ng tunggaliang tao-sa-tao.

Sa *Season* 4-5 ay nananatiling madalas ang paglitaw ng tema ng kalayaan. Halimbawa, sa komprontasyon ni Mikasa at Armin kay Eren sa S5 E73 ("*Savagery*"), sinabi ni Eren na "*The things I do and the choices I make are all decided by my own free will.*" Taliwas sa pinangangalandakan ni Eren na

kalayaan niya, pinaratangan niya si Armin at Mikasa na hindi nagtataglay ng kalayaan. Ukol kay Armin, sinabi niyang ang pagmana nito ng alaala ni Bertolt ay nagdulot ng manipulasyon sa isip ni Armin, na nagtulak sa kanya upang magkaroon ng simpatya sa mga Marleyan at damdamin kay Annie. Ukol naman kay Mikasa, isinaad ni Eren na ang pagiging Ackerman nito ang kumokontrol sa kanya upang protektahan si Eren na obheto ng kanyang katapatan. Sinabi niyang alipin si Mikasa ng pagiging Ackerman nito, at iyon ang dahilan kung bakit siya galit dito, dahil ang pinakaayaw niya sa lahat ay ang mga taong walang kalayaan.

Sa mga nalalabing kabanata ng *manga* na hindi pa ipinapalabas bilang *anime* (sa kasalukuyang panahon ng pagsusulat ngayong Pebrero 2022), nananatiling sentral ang paksa ng kalayaan (lahat ng sisipiin sa mga kabanataang ito ng *manga* ay mula sa *website* ng *Read Attack on Titan/Shingeki No Kyojin Manga*). Sa mga kabanatang ito, ang maituturing na naglalaman ng ilan sa pinakamayaman sa diskurso ng kalayaan ay ang *Chapter* 120-121, kung saan binisita ni Eren at Zeke ang alaala ng kanilang amang si Grisha. Taliwas kay Zeke na bihag ng pagkamuhi nito sa kanilang ama, si Eren ay inilarawan sa dalawang kabanatang ito bilang isang taong kumikilos alinsunod sa kanyang sariling kalooban. Ang kwento ni Ymir sa isang baliktanaw (*throwback*) sa *Chapter* 122 ay ukol pa rin sa tema ng kalayaan. Isinalaysay rito kung paanong ang kauna-unahang tagapagtaglay ng kapangyarihan ng mga *Titan* ay isang aliping naninirahan sa tribo ng mga Eldian. Kahit na matapos niyang makamit ang kapangyarihan ng mga *Titan,* nanatili pa rin siyang alipin ni haring Fritz hanggang sa kanyang kamatayan. Maging sa misteryosong mundo ng "*Paths*" (kung saan nagkakatagpo-tagpo ang lahat ng alaala ng mga Eldian), nananatili pa ring bihag si Ymir ng kalooban ng pamilyang Fritz, isang aliping walang sariling malayang kilos-loob (*freewill*).

Makikita pa rin ang pagpapahalaga ni Eren sa kalayaan noong nagaganap na ang *Rumbling* (ang pagmamartsa ng libo-libong mala-*Colossal Titan* upang wasakin ang daigdig). Nang tangkain ng pangkat nina Armin, Mikasa, Jean, Connie, Levi, Pieck, at Reiner na kausapin si Eren, sinabi nitong huli sa *Chapter* 133 ("*Sinners*") na "*You have the freedom to defend the world's freedom. And I have the freedom to continue moving forward.*" Dito ay mababanaag na kaya hindi pinapakialamanan ni Eren ang pangkat nina Armin ay dahil ayaw niyang hadlangan ang kalayaan ng mga ito. Ngunit ang paggalang niya sa kanilang karapatan ay nangangahulugan din na dapat din nilang tanggapin na may kalayaan si Eren na gawin ang kanyang gusto. Kaya naman ang tanging paraan upang hadlangan ang aksyon ni Eren ay ang labanan siya. Sa kahuli-hulihang kabanata ng *manga* (*Chapter* 139: "*Toward the Tree on that Hill*"), ipinaliwanag ni Eren kay Armin na ang pagpatay sa kanya ni Mikasa ay ang naging daan upang tuluyang makamit ni Ymir ang kalayaan. Aniya:

> I can't claim to understand the depths of Ymir's heart, but I knew she was in agony as she yearned for freedom. For two thousand years she sought someone who'd release her from the agony of love. Then someone appeared. It was Mikasa.

Samakatuwid, ang buong kwento ng AOT ay naganap para sa pagkamit ni Ymir ng kalayaan sa pamamagitan ng malayang kilos-loob ni Mikasa, na tulad ni Ymir ay alipin din ng pag-ibig.

Mayroon pa ngang isang komentarista na nakapansin kung paanong ginamit ni

Isayama ang ibon sa AOT bilang simbolismo ng kalayaan (DBZimran 2020). Hindi nagkataon na ang pinakauna at pinakahuling eksena ng AOT ay may kinalaman sa ibon. Sa S1 E1 ng *anime,* ang unang eksena ay mga lumilipad na ibon na nagkaroon ng repleksyon sa mga mata ni Eren habang tinitingnan niya ito. Sa huling eksena naman ng *Chapter* 139 ng *manga,* lumipad ang isang ibon matapos nitong tukain ang balabal ni Mikasa (na tila baga kinatawan ni Eren ang ibon). Sa mga *opening* at *ending song* ng AOT ay lumilitaw rin ang mga ibon. Makikita ang mga ito halimbawa sa ibong lumilipad sa *Season 2 opening,* mga tila patay na ibong bumabagsak at mga ibon na lumilipad kasabay ng sasakyang panghimpapawid ng Marley sa *Season 4 opening,* at ibong lumilipad na tinatanaw ni Falco at pinipilit niyang abutin sa *Season 4 ending*. Mababanggit din dito ang transpormasyon ni Falco bilang ibon, na isa sa mga naging daan upang mapigilan nila ang *Rumbling* (pansinin ang pagkakalapit ng pangalan ni Falco sa ibon na *falcon*). Una na ring naisaad na ang *logo* ng *Scout Regiment* o *Survey Corps* ay tinatawag na *Wings of Freedom,* na kinakatawan ng mga pakpak ng ibon. Ang mismong mga *Survey Corps* ay tila mga lumilipad na ibon tuwing ginagamit nila ang kanilang *omni-directional mobility* (ODM) *gear.* Ang lahat ng ito ay mahalaga sapagkat ang ibon ay kadalasang ginagamit bilang simbulo ng kalayaan. Tila kalayaang lumipad ang pinakaesensya ng ibon, na dahilan kung bakit magpipilit itong magpumiglas kapag ito'y ikinulong. Maging sa kasaysayang Pilipino ay nauunawaan natin ang bagay na ito, na sinasalamin ng isang liriko ng ating kanta ukol sa Batas Militar, kung saan ang bayan ay inihahalintulad sa isang ibon (Aguilar 1979):

> Ibon mang may layang lumipad
> Kulungin mo at umiiyak
> Bayan pa kayang sakdal-dilag
> Ang 'di magnasang makaalpas

Ang mga tinalakay sa itaas ay hindi pa aktuwal na pagsusuri sa pilosopiya ng kalayaan batay sa AOT ni Isayama. Mabilisan ko lamang binaybay ang tema ng kalayaan sa kronolohikal na daloy ng AOT upang ipakita kung gaano kasentral ang temang ito sa buong *anime/manga* na sinusuri. Kung tutuusin, malawak ang posibilidad sa gawain ng pagsusuri sa temang ito. Napakaraming maaaring gamiting pamamaraan at pananaw upang isagawa ito. Isang halimbawang paraan sa pagtanaw sa tema ng kalayaan sa AOT ay ang paggamit sa kaisipan ng dalawang tanyag na sikolohista na sina Sigmund Freud at Erich Fromm.

Sa mga konsepto ng sikoanalisis ni Freud, isa sa mailalapat sa AOT ay ang *Oedipus complex* (Freud 1955)*.* Tumutukoy ang *Oedipus complex* sa sikolohikal na kalagayan ng mga batang lalake kung saan ninanasa nila ang pag-ibig ng kanilang nanay, kaya naman sa kanilang persepsyon ay katunggali nila ang kanilang tatay (Ahmed 2012, 60). Nagkakaroon umano ang bata ng *inferiority complex* dahil hindi niya kayang talunin ang kanyang tatay; lagi itong higit sa kanya sa iba't ibang aspekto. Dahil dito, ang kanyang identidad ay lagi lamang nasa ilalim ng anino ng identidad ng kanyang tatay. Kaya naman mayroon siyang pagnanasa na patayin ang kanyang tatay. Sa pamamagitan lamang kasi nito siya makakawala mula sa anino ng kanyang tatay at maigigiit ang kanyang sariling pagkakakilanlan.

Siguradong lahat ng pamilyar sa ideyang ito ni Freud na nakapagbasa sa *manga* ng *Chapter 121* ng AOT ay makahahalata na ginamit ni Isayama ang *Oedipus complex* upang ipaliwanag ang kalagayang sikolohikal ni Zeke. Dinala ni Zeke si Eren sa loob ng

alaala ni Grisha upang patunayan na na-*brainwash* lamang siya ng kanilang ama. Ngunit kabaliktaran ang naging resulta ng kanilang pagpasok sa alaala ni Grisha. Nakita nilang walang naganap na pangbe-*brainwash* kay Eren. Iginiit ni Eren na hindi sila magkatulad. Magandang sipiin dito ang binanggit ni Eren kay Zeke:

> You won't find the pathetic little brother you wanted in me, or someone who conveniently shares your emotional scars, either. What I see here is a man who can only define himself through the continued denial of Grisha Yeager's wish to restore Eldia. A pathetic man still haunted by his dead father.

Samakatuwid, may *Oedipus complex* si Zeke. Ito ang nagtulak sa kanya upang pilit na isulong ang plano niyang *euthanasia* sa mga Eldian. Ginagawa niya ito upang patuloy na salungatin ang pagnanasa ng kanyang ama na protektahan ang Eldia laban sa daigdig. Wala siyang sariling identidad, nananatili pa rin siyang nakapailalim sa identidad ng kanyang tatay. Ang planong *euthanasia* ang kanyang tanging paraan upang metaporikal na patayin ang kanyang tatay. Ibig sabihin, walang taglay na kalayaan si Zeke, siya ay namamanipula ng kanyang *Oedipus complex.* Lahat ng kanyang kilos ay hindi nagmumula sa kanyang malayang kilos-loob, kundi bunga ng pagkamuhi niya kay Grisha. Taliwas kay Zeke, ipininta ni Isayama ang larawan ni Eren sa kabanatang ito bilang isang indibiduwal na malaya sapagkat wala siyang *Oedipus complex.* Hindi nakabatay ang identidad ni Eren sa identidad ni Grisha, kaya walang nararamdamang udyok si Eren na tumaliwas sa kanyang ama. Ang kanyang aksyon ay hindi nakabatay sa pagsang-ayon o paglaban sa kalooban ni Grisha, kundi nagbubukal sa kanyang sariling malayang kilos-loob.

Subalit may isang partikular na suliranin sa puntong ito. May isang mahalagang sangkap ang *Oedipus complex* na hindi makikita kay Zeke: ang pag-ibig sa ina. Sa pormulasyon ni Freud, magkatambal ang pagkamuhi sa ama at pag-ibig sa ina. Tinitingnan ang ama bilang karibal sa pag-ibig sa ina, na dapat alpasan at higitan ang ama para sa pag-ibig sa ina. Wala ito sa AOT dahil matatandaang ipinagkanulo ni Zeke kapwa ang kanyang ama at ina, at ipinahuli niya sa mga sundalo ng Marley. Wala ring kaugnayan ang pagkamuhi ni Zeke sa kanyang ama sa pag-ibig niya sa kanyang ina. Gayunman, posible pa ring ang tema ng metaporikal na "pagpatay sa ama" na nasa AOT ay hinalaw ni Isayama kay Freud, kahit na hindi talaga ang kabuuang sistema ng *Oedipus complex* ang kanyang ginamit.

Liban sa *Oedipus complex,* isa pang kagamit-gamit na konsepto mula kay Freud ay ang kanyang ideya ng represyon. Tumutukoy ang represyon sa pagtatangka na patahimikin o alisin sa kamalayan ang isang partikular na ideya (Boag 2006, 74). Kadalasan, pinipilit nating isagawa ang represyon sa ating mga ideya o pagnanasa kapag ipinagbabawal ito ng lipunan. Ngunit para kay Freud, hindi epektibo ang represyon, dahil hindi talaga tuluyang nawawala ang anumang bagay na ating pinipilit na alisin sa ating kamalayan. Ika nga niya sa isa sa kanyang mga tanyag na pahayag (sinipi sa Kumar 2019, 131):

> Unexpressed emotions will never die. They are buried alive and will come forth later in uglier ways.

Ayon nga sa kasabihang Pilipino: "kapag lalong pinipigil, lalong nanggigigil." Alam natin ang katotohanang ito mula sa karanasan, na habang lalo nating pinipigil ang isang bagay, lalong lumalakas ang talab nito sa ating isip, at

lalong tumitindi ang ating pagnanasa na gawin ito. Ito ang kapangyarihan ng represyon sa sikolohiya. Ayon sa isang komentarista, si Eren ay isang "*caged, repressed boy*" at "*a symbol of repression*" (Redderik 2020). Ang kanyang pagnanasa ay pinipigilan ng mga dambuhalang pader, at ng mga panuntunang ipinapataw ng kanyang lipunan. Sa unang episodo pa lamang ng AOT ay kita na ang pagkadismaya ni Eren sa kanyang lipunan, sa pagiging kuntento nito na mabuhay nang mapayapa sa loob ng dambuhalang pader, kapalit ng tunay na kalayaan (sa pananaw ni Eren, ang kalayaang matuklasan ang mas malawak na daigdig sa labas ng pader). Samakatuwid, ang kwento ng AOT (lalo sa unang *Season* ng *anime* nito) ay kwento ng isang batang nagpipilit na magpumiglas sa represyon ng lipunan, tungo sa pagkamit ng kalayaang kanyang inaasam.

Liban kay Freud, isa pang sikolohista na makakatulong sa atin sa pag-unawa sa AOT ay si Erich Fromm, partikular na ang kanyang akdang *Escape from Freedom* (2013). Sa aklat na ito, ipinag-iba ni Fromm ang dalawang uri ng *freedom: negative freedom* (*freedom from*) at *positive freedom* (*freedom to*). Ang *negative freedom* ay tumutukoy sa kalayaan mula sa (*freedom from*) anumang bagay na humahadlang o banta sa atin (halimbawa, kalayaan ng isang bansa mula sa kapangyarihan ng mga mananakop, o kalayaan ng anak mula sa awtoridad ng mga magulang). Ang kalayaang ito ay reaktibo sa eksternal na puwersa. Laging may kinakalaban ang *negative freedom,* na ninanasa ng taong alpasan. Samantala, ang *positive freedom* naman ay tumutukoy sa kalayaan na (*freedom to*) gawin ang likas na ninanasa ng isang tao. Kung ang *negative freedom* ay reaktibo sa eksternal na puwersa, ang *positive freedom* ay nagbubukal mismo sa likas at internal na kalooban ng sarili.

Mahusay na inilapat ng isang rebyuwer (DBZimran 2020) ang mga ideyang ito ni Fromm sa pagkakaiba ng konotasyon ng kalayaan nina Eren at Armin. Aniya, noong simula, ang motibasyon ni Eren at Armin ay parehong *positive freedom:* nais nilang matuklasan ang daigdig sa labas ng dambuhalang pader. Ngunit nagbago ang pananaw ni Eren sa kalayaan nang makain ng *Titan* ang kanyang nanay na si Carla. Mula noon ay *negative freedom* na ang naging motibasyon ng kanyang pag-iral: nais niyang patayin ang lahat ng *Titan* upang makamit ang kalayaan mula sa mga ito. Noong matuklasan ni Eren na hindi pala *Titan* ang banta sa kanila kundi ang buong daigdig ng mga tao sa labas ng pader, nalipat lang mula sa mga *Titan* tungo sa mga tao sa labas ng pader ang obheto ng kanyang *negative freedom.* Kung sa *Season* 1-3 ay nais niyang maging malaya mula sa mga *Titan,* sa *Season* 4-5 naman ay nagnanasa siyang mapalaya ang buong Paradis mula sa mga tao sa labas ng pader. Muli, sa kabila ng pagbabagong ito ay pareho pa rin ang uri ng kalayaan na kanyang inaasam, ang "kalayaan mula sa" (*freedom from*).

Ipinaliwanag ng rebyuwer na taliwas kay Eren, nanatiling konsistent ang uri ng kalayaang hinahangad ni Armin mula umpisa hanggang dulo ng kwento. Mula *Season* 1 hanggang 3, ninanasa ni Armin na magkaroon ng kalayaan na matuklasan ang mundo sa labas ng pader. Nang makamit na niya ito sa *Season* 5, nagbago ang obheto ng kanyang pagnanasa. Sa pagkakataong ito ay ninanasa niya naman na magkaroon sila ng kalayaan na pagkaisahin ang mga tao sa loob at labas ng pader at maisulong ang kapayapaan. Maaalalang sa *Chapter* 139 ng *manga,* sa kabila ng pesimismo ni Annie sa kanilang misyong pangkapayapaan, nananatiling buo ang pag-asa ni Armin na posibleng magkasundo ang mga tao sa loob at labas ng

pader. Tulad ni Eren, may pagbabago rin sa obheto ng kalayaan si Armin: mula sa pagtuklas ng daigdig sa labas ng pader ay napunta sa pagnanasa ng kapayapaan ang obheto ng kanyang kalayaan. Ngunit nananatiling konsistent ang uri ng kalayaan na mayroon si Armin – *positive freedom.* Ito ma'y kalayaan na tumuklas ng daigdig sa labas ng pader o kalayaan na makamit ang kapayapaan, pareho itong "kalayaan na" (*freedom to*).

Siyempre pa, mas malusog ang uri ng kalayaan ni Armin sa uri ng kalayaan ni Eren. Ang reaktibo at eksternal na uri ng kalayaan ni Eren ay nagdala sa kanya sa mga imoral na pamamaraan upang makamit ang kanyang layunin (ang pagiging *mass murderer*). Samantala, bagaman hindi masasabing inosente si Armin sa lahat ng pagkakataon (hal. ang pagpatay niya sa maraming tao sa Liberio noong nagbagong-anyo siya bilang *Colossal Titan*), nanatiling malinaw sa kanyang isip ang konsepto ng tama at mali.

Liban sa mga punto ni DBZimran gamit si Fromm, mayroon pa tayong maaaring makitang isang pundamental na pagkakaiba sa uri ng kalayaan ni Eren at Armin. Ang *negative connotation* ni Eren sa kalayaan ang nagtulak sa kanya upang ituring ang kalayaan bilang pinakamataas na birtud (*supreme virtue*). Ito ang pinakamahalagang bagay sa kanya, kaya naman handa niyang isakripisyo ang iba pang bagay para rito. Halimbawa, sa isang eksena sa *Chapter* 121, habang pinanonood nina Eren ang Zeke ang alaala ni Grisha, sa bahagi kung saan pinatay nina Eren ang dumukot sa pamilya ni Mikasa, ganito ang sinabi ni Eren sa kanyang kuya: "*If someone tries to steal my freedom away, I won't hesitate to take theirs*." Ang kalayaan ang itinuturing niyang pinakamahalagang bagay, kaya naman nagawa niyang maging *mass murderer* para rito. Hindi rin niya alintana na walumpung porsyento ng pandaigdigang populasyon ang namatay para lamang makamit ni Ymir ang kalayaan mula sa pag-ibig kay haring Fritz sa pamamagitan ni Mikasa (sa konteksto ng pag-uusap nila ni Armin ay parang inaaprubahan ito ni Eren). Taliwas kay Eren, hindi itinuturing ni Armin ang kalayaan bilang pinakamataas na birtud. Para sa kanya, ang kalayaan ay instrumento lamang para sa iba pang layunin (halimbawa, pagtuklas ng daigdig sa labas ng pader o pagkamit ng kapayapaan). Ito ang dahilan kung bakit hindi handang isakripisyo ni Armin ang ibang bagay para sa kalayaan.

Napadpad sa aking atensyon ang puntong ito dahil sa distinksyon sa ginawa ng teologong si D.A. Carson (2012, 6-12; 2018, 341-342) sa pagitan ng *old tolerance* at *new tolerance* sa konteksto ng lipunang Europeo at Amerikano*.* Sa lumang bersyon ng *tolerance* sa mga nakaraang siglo*,* pinahahalagahan ang birtud na ito kaugnay ng iba pang birtud. Halimbawa, mahalaga ang *tolerance* dahil instrumento ito para sa pagpapanatili ng kaayusan, pagbibigay sa mga tao ng kalayaang makapagpahayag, at para hindi makaranas ng karahasan at diskriminasyon ang mga taong kaiba nila ng paniniwala. Samakatuwid, ani ni Carson, ang *tolerance* ay isang uri ng *parasitic virtue,* ibig sabihin, isang birtud na nakaugnay at umaasa (na tulad ng *parasyte*) sa iba pang birtud. Mahalaga ang *tolerance* hindi dahil sa sarili nito, kundi dahil magagamit ito sa pangangalaga ng iba pang birtud. Ngunit sa kasalukuyan, nag-iba na ang pagpapakahulugan sa *tolerance* sa Kanluran. Sa bagong bersyon ng *tolerance,* ito ay tinitingnan na bilang pinakamataas na uri ng birtud. Hindi na ito *parasitic* kundi isa nang *independent virtue.* Bawal nang sumalungat sa opinyon at paniniwala ng ibang tao, dahil kapag ginawa ito ay ituturing ka nang *intolerant.*

Sa ganitong paraan din naiiba ang uri ng kalayaan nina Eren at Armin. Tulad ng *new tolerance* sa klasipikasyon ni Carson, itinuturing ni Eren ang kalayaan bilang pinakamataas na birtud, isang *independent virtue* na mahalaga sa sarili nito. Kaya handa niyang isakripisyo ang lahat para rito. Sa kabilang banda, ang uri ng kalayaan ni Armin ay tulad ng pakahulugan ni Carson sa *old tolerance*: ang *old tolerance* ni Carson at kalayaan ni Armin ay mga *parasitic virtue* na nakabatay sa iba pang birtud. Hindi pinakamataas na birtud ang kalayaan para kay Armin, bagkus ay kasangkapan lamang ito upang makamit ang iba pang bagay na mas mahalaga (tulad ng kapayapaan).

Sa direksyon ng usapan ay mapapansin na papalapit na nang papalapit ang ating talakayan ng konsepto ng kalayaan sa isyu ng moralidad, partikular sa larangan ng digmaan, na tama lamang dahil itong ikalawang isyu ang paksa ng susunod na bahagi ng pagmumuni-muning ito.

## Ang Pilosopiya ng Digmaan sa *Attack on Titan*

Ang ikalawang temang ating paglalaanan ng panahon sa pagmumuni-muni ay ang paksa ng pilosopiya ng digmaan. Sa aking palagay ay mas sekondarya ito kaysa sa tema ng kalayaan, na siyang mas tuon ng AOT ni Isayama. Gayunman, isa pa rin itong mahalagang tema na sumusulpot sa tuwi-tuwina sa AOT. Dalawang Alemang pilosoper ang ating pangunahing gagamitin na kasangkapang pangkaisipan sa puntong ito: si Carl Schmitt at Friedrich Nietzsche. Ang dahilan sa pagpili ng dalawang ito ay sapagkat parehong may kaugnayan si Schmitt at Nietzsche sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at ang digmaan namang ito ay mayroong napakalaking ginampanan sa AOT. Si Schmitt ay opisyal na kasapi ng Partidong Nazi at isang pilosoper na aktibong nagbibigay ng ideolohikal na depensa sa pasismo ni Hitler (Cohen 2019, 3). Sa kabilang banda, si Nietzsche ay idolo naman ni Hitler. Si Hitler pa mismo ang personal na nagbigay ng mga kopya ng akda ni Nietzsche sa kapwa niya pasistang si Mussolini ng Italya (Zacharias 2004).

Upang mapatatag ang kaugnayan ni Schmitt at Nietzsche sa AOT, kailangan munang banggitin ang ilang paralelismo sa pagitan ng *anime/manga* na ito ni Isayama at ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Marami na ang pumansin sa mga paralelismong ito (Griffis 2017, 3-4; Sonal 2020). Maraming bagay sa AOT ang may kaugnayan sa Alemanya (O'Cuana 2014), ang bansang nagpasinaya ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Marami sa mga karakter ng AOT ay mayroong apelyidong Aleman tulad na lamang ng Jaeger, Braun, Leonhardt, Arlert, at Ackerman. Ang hitsura ng mga bahay sa AOT ay may hawig sa arkitekturang Aleman. Mayroong nakapansin na may pagkakahawig ang hitsura ng mga pader ng Shiganshina sa pader ng isang lugar sa Alemanya na kung tawagin ay Nordlingen (Al-Ani 2014). Tulad ng Alemanya noong 1940's, nasa panahon din ng digmaan ang Eldia. Ang *Season 4 opening* ay mayroon ding pagkakahawig sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig: mga sundalong nagmamartsa, kanyon na nagpapaputok, pagkawasak ng mga gusali, mga barkong pandigma na binobomba, at pagsabog na tulad sa bomba atomika. Ang mismong liriko ng kanta ay puno ng mga salitang may kaugnayan sa digmaan tulad ng *war, destruction, darkness, hatred, desperation,* at *enemy*.

May mahahalata ring paralelismo sa pagitan ni Eren at Hitler. Parehong *mass murderer* ang dalawa. Kapwa nila hinila ang kanilang bansa tungo sa digmaan. Karismatiko silang mga pinuno na maraming tagasunod (mga Nazi sa kaso ni Hitler, at Jeagerists naman sa kaso ni Eren). Maituturing ang dalawa na mga *ultra-nationalists* na handang isakripisyo ang ibang mga lahi alang-alang sa kanilang bansa. Naging popular si Hitler sa mga mamamayan dahil sa representasyon niya sa Alemanya bilang isang inaping bansa noong natalo ito sa Unang Digmaang Pandaigdig. Inapi at kinawawa ang Alemanya, kaya naman kailangan nitong ibangon ang sariling dangal sa pamamagitan ng pagganti sa mga kalabang bansa. Hinangaan nila si Hitler dahil sa pangako nitong ibalik ang dating kadakilaan ng imperyong Aleman. Hindi ba't ganito rin ang persepsyon ng mga Eldian kay Eren? Sa S5 E71 ("*Guides*"), nagprotesta ang mga tao noong ipiit ng militar si Eren, at mayroong sumigaw sa kanila ng "*Only Eren can save Eldia!*" at "*The New Eldian Empire needs Eren Jaeger!*" Sa *Chapter 125* ng *manga* ay muling nabanggit ang terminong "*Eldian Empire.*" Nakita nila si Eren bilang isang tagapagligtas na muling magbabangon sa dating Imperyong Eldian. Tulad ng Alemanya, ang dating dakilang kaharian ng Eldia ay nagapi rin at inapi ng mga kalaban, kaya naman kailangan itong gumanti. Ang ganitong pangako ng pagbabangon sa inaping bayan at pagpapanumbalik ng dakilang nakaraan ay tipikal na retorika ng mga pasistang estado upang maisagawa ang konsolidasyon ng kapangyarihan.

Sapat na marahil ang mga paralelismong ito upang mapagtanto ang malalim na koneksyon sa pagitan ng AOT at Ikalawang Digmaang Pandaigdig (lalo na sa panig ng Alemanya). At ito ang dahilan kung bakit sa pag-unawa sa AOT ay magiging kapaki-pakinabang ang paggamit sa pilosopiyang Aleman, lalo na ang bersyon ng pilosopiyang Aleman na may kaugnayan sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa dalawang pilosoper na ilalapat sa pagninilay-nilay sa etika ng AOT, mainam na unahin si Carl Schmitt. Ang kauna-unahang naglapat ng pilosopiya ni Schmitt sa AOT ay si Jared Bauer (Wisecrack 2017). Ayon kay Bauer, ang pilosopiya ni Schmitt ay maibubuod sa konsepto ng "*the political*" na kinapapalooban ng tatlong ideya: 1. *Conflict and inequality,* 2. *Friends and enemies*, at 3. *Sovereignty*. Una, para kay Schmitt ay hindi maaalis ang tunggalian sa anumang lipunan dahil bahagi ng kalikasan ng tao ang karahasan. Hindi rin posibleng matanggal ang 'di-pagkakapantay-pantay sa lipunan, dahil natural lamang na mayroong aangat na mga tao sa ibang mga kapwa tao. Dahil dito, hindi umano dapat pag-aksayahan ng panahon ng pamahalaan ang pagtanggal sa tunggalian at 'di-pagkakapantay-pantay sa lipunan.

Sa halip, ang dapat na pagkaabalahan ng pamahalaan ay ang malinaw na distinksyon sa pagitan ng kakampi at kalaban, na siyang ikalawang ideya sa loob ng *the political*. Dahil likas ang karahasan sa mga tao, kinakailangan ng malinaw na distinksyon sa pagitan ng kakampi at kalaban. Ang pagkakaroon lamang daw ng malinaw na kalaban ang tanging paraan upang mapanatili ang kaayusan ng sariling lipunan. Kung walang kalaban, maibabaling ng mga mamamayan ang kanilang karahasan sa mga kakampi. Kaya naman dapat panatilihin ang pag-iral ng kalaban, nang hindi ito tuluyang ginagapi, at hinahadlangan din namang maging malakas upang hindi maging banta sa estado. Ang panganib na dulot ng kalaban ang gagamitin ng estado upang maisagawa ang ikatlong ideya sa loob ng *the political:* ang soberanya o konsolidasyon ng kapangyarihang pulitikal

upang mapreserba ang pag-iral ng estado. Para kay Schmitt ang pinakamahalagang bagay sa lahat ay ang nasyonalismo. Sa ngalan ng nasyonalismo ay maaaring isakripisyo ng estado ang ilang mga mamamayan kung ito ang kinakailangan upang mapreserba ito.

Sa paglalapat ni Bauer sa pilosopiya ni Schmitt sa AOT, binanggit niya na ang mga *Titan* ay tumatayo bilang malinaw na kalaban ng mga tao. Ang pag-iral ng mga *Titan* ang nagtutulak sa mga tao sa loob ng pader upang magkaisa. Dahil likas ang karahasan sa tao, kailangan nila ang mga *Titan* bilang kalaban, dahil kung wala ito ay sila-sila ang magtutunggalian, at magdudulot ito ng pagkawasak ng kanilang lipunan. Ang pagpapadala ng pamahalaan sa maraming *Scout Regiment* upang mamatay sa labas ng pader ay makatarungan sa pananaw na ito, lalo pa't para ito sa preserbasyon ng buong estado. Kung tutuusin, maraming maaaring implikasyon ang teoryang ito ni Schmitt sa pagsusuri sa AOT sa aspekto ng agham panlipunan, partikular na ng agham pampulitika. Ngunit ang tuon lamang natin ay ang implikasyon nito sa pilosopiya ng digmaan.

Gamit ang paglalapat ni Bauer kay Schmitt, mapapagtanto natin na isa sa mga pangunahing prinsipyo ng AOT ay ang halaga ng preserbasyon ng estado. Bagaman ginawa ni Bauer ang kanyang pagsusuri noong hindi pa natutuklasan na mayroon palang mga tao sa labas ng pader, nananatili pa ring balido ang pagsusuring ito sa *Season* 4 at 5. Hanggang sa dulo ay pinanghawakan ni Eren ang kanyang layunin na mapreserba ang Eldia. Hindi niya inalintana ang pagpatay sa maraming tao sa ngalan ng kanyang labis-labis na nasyonalismo. Ngunit mas mapapagtanto ang halaga ng teorya ni Schmitt sa pinakadulo ng kwento. Tinapos ni Isayama ang kwento nang hindi nagbibigay ng resolusyon sa pandaigdigang krisis. Sa *Chapter* 139, kahit walumpung porsyento na ng mga tao ang namatay, nagpatuloy pa rin ang mga Jeagerist sa konsolidasyon ng militar, sa takot na gumanti sa kanila ang daigdig dahil sa *rumbling.* Ani nga ng tagapagsalaysay, "*This fight will not end until either Eldia or the world disappear. That is what Eren said, and he may be right*." Ang mga bagay na ito ay tila pagsang-ayon sa ideya ni Schmitt ukol sa likas na karahasan ng mga tao, at sa hindi kailanman mabuburang pag-iral ng tunggalian.

Ang ikalawang pilosoper na mainam na kasangkapin sa pagsusuring ito ay si Nietzsche. Tulad ni Schmitt, binabatikos ni Nietzsche ang ideya ng pagkakapantay-pantay. Aniya, ito'y konseptong ipinakilala lamang ng mga Kristiyano sa sibilisasyong Kanluranin dahil mayroong *herd/slave mentality* ang mga ito. Hindi umano tanggap ng mga Kristiyano na likas na aangat sa lipunan ang mga malalakas, kaya pinipilit nilang hilahin pababa ang mga ito upang maging kapantay nilang mga mahihina. Hindi lamang dito natatapos ang kritisismo ni Nietzsche sa Kristiyanismo. Maging ang mismong konsepto ng moralidad ay kanya ring inatake. Para sa kanya, ang ideya ng pagkakapantay-pantay at moralidad, na mga konseptong idinadambana ng relihiyong Kristiyano, ay hadlang sa tunay na pagsulong ng sibilisasyon (Zacharias 1994).

Samakatuwid, kailangang alpasan ng tao ang moralidad. Tulad ng ipinangangalandakan ng pamagat ng isang aklat ni Nietzsche (1997) – *Beyond Good and Evil* – kailangan ang paglagpas sa kabutihan at kasamaan, na likha lamang ng relihiyon. Tinawag ni Nietzsche na *Ubermensch* (*Superman*) ang taong makakaalpas sa

kabutihan at kasamaan. Ang tao rin na ito ang magdadala sa sibilisasyon sa isang bagong yugto ng kasaysayan. Para sa ilan, si Hitler ang katuparan ng pinapangarap na *Ubermensch* ni Nietzsche, at ang naganap na Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay ang lohikal na implikasyon ng paglalapat ni Hitler ng pilosopiya nito. Sa katunayan, ang mismong kapatid ni Nietzsche na si Elizabeth ay itinuring si Hitler bilang *Ubermensch* (Zacharias 1994, 206).

Ang pilosopiya ni Nietzsche ay inilalarawan ng ilan bilang isang radikal na uri ng nihilismo. Tumutukoy ang nihilismo sa pananaw na walang obhektibong batayan ang halaga ng buhay. Sa madaling salita, walang saysay ang buhay. Kaugnay nito, wala ring anumang unibersal na batayan ang tama at mali, ang mabuti at masama. Mga ilusyon lamang ito. Sa isang banda, hindi kumpletong mailalapat ang radikal na nihilismo sa kabuuan ng AOT dahil may ilang senyales pa rin ito ng pag-asa. Halimbawa, sa mainit na talumpati ni Komander Erwin Smith sa *Survey Corps* sa S4 E53 ("Perfect Game"), kung saan hinihikayat niya ang mga ito sa isang pagpapakamatay na paglusob upang mabigyan ng pagkakataon si Levi na mapatay ang *Beast Titan,* ganito ang kanyang sinabi:

> No matter what dreams or hopes you had, no matter how blessed a life you've lived, the same if you're shredded by rocks. Everyone will die someday. Does that mean life is meaningless? Was there even meaning in our being born? Would you say that of our fallen comrades? Their lives, were they meaningless? No, they weren't! It's us who gives meaning to our comrades' lives! The brave fallen! The anguished fallen! The ones who will remember them are us, the living! We die trusting the living who follow to find meaning in our lives! That is the sole method in which we can rebel against this cruel world!

Gayundin, sa pagwawakas ng AOT sa *Chapter* 139, sa kabila ng posibilidad na hindi pa rin magwawakas ang digmaan matapos ang *rumbling,* sinabi ni Reyna Historia na "*Even so, he chose to leave this world in our hands, this place we now live in.*" Nangangahulugan ito na sa gitna ng hindi matapos-tapos na krisis ay hindi pa rin sila susukong makamit ang kapayapaan, dahil nasa kanilang kamay na ang paghulma ng kasalukuyan.

Sa kabila ng mga ito, mayroong ilang aspekto ng kwento na malalapatan ng nihilismo ni Nietzsche. Malinaw itong mababanaag sa ideolohiya ni Zeke, na kanyang namana sa *mentor* niyang si Tom Ksaver. Sa S5 E74 ("Sole Salvation"), isinalaysay ni Ksaver ang nangyaring pagpapakamatay ng kanyang asawa at ang pagpatay nito sa kanilang anak noong matuklasan ang lihim ni Ksaver na isa siyang Eldian. Dulot nito ay naniniwala si Ksaver na mas mabuti pa kung hindi na lamang siya ipinanganak, dahil kung hindi siya ipinanganak ay hindi niya mararanasan ang labis na sakit na kanyang pinagdaanan. Sinang-ayunan ito ni Zeke na nakaranas din ng labis na kalungkutan. Dahil dito ay nabuo nila ang planong *euthanasia,* na kapag nakuha na nila ang kapangyarihan ng *Founder Titan* ay babaguhin nila ang istruktura ng katawan ng mga Eldian upang hindi na sila magkaroon ng mga anak. Sa pamamagitan nito ay maililigtas nila ang mga posibleng ipanganak na Eldian sa hinaharap mula sa karanasan ng sakit at kalungkutan.

Liban sa pilosopiyang nihilista ni Nietzsche, maiuugnay rin ang ideolohiya ni Zeke sa Buddhismo. Tulad ni Ksaver at Zeke, sakit at kalungkutan din ang nakapagpamulat sa mata ni Gautama Buddha sa paniniwala na mas mabuti pa ang kawalan ng kairalan

(*existence*) kaysa sa buhay. Pare-pareho silang tatlo na naninindigang dalamhati ang esensya ng buhay. Sa ganang ito, ang *euthanasian plan* nina Zeke ay maikukumpara sa *nirvana* ni Buddha, ang pagkawala mula sa siklo ng kapanganakan at muling kapanganakan (*samsara*). Ang dalawa ay kapwa anyo ng pagtakas mula sa marahas na reyalidad ng buhay (Keown 1996). Ang pagkakaiba lamang, konkreto at totoo ang kasamaan at dalamhating pinoproblema ni Zeke, samantalang "*maya*" (o ilusyon) lamang ang mga ito sa persepsyon ni Buddha.

Kabaliktaran na naman ni Zeke si Eren, na naniniwalang may halaga pa rin ang buhay. Nang tanungin ni Zeke sa *Chapter* 120 kung bakit ayaw niyang ituloy ang plano nilang *euthanasian plan,* sumagot si Eren ng "*Because I was born into this world.*" Samakatuwid, kung bibigyan ng pagkakataon, mas pipiliin ni Eren na ipanganak muli kaysa hindi. Handa niyang maranasan ang dalamhati kaysa hindi ipanganak. Una nang naipahayag ang puntong ito ng nanay ni Eren na si Carla sa isang baliktanaw sa S3 E48 ("Bystander") noong sabihin nito ukol sa kanyang anak na sanggol pa na:

> When it comes to my child, it's fine if he's never great. He doesn't have to be better than anyone. After all, just look at him, he's so cute. He's already special because he was born into this world.

Samakatuwid, ang mismong pagkapanganak pa lamang at pagkakaroon ng pagkakataong umiral sa mundo ay isa nang indikasyon ng saysay ng buhay.

Hindi man mailalapat nang buo ang nihilismo ni Nietzsche sa AOT, mas angkop naman sa kwento ang kritika niya sa absolutong moralidad. Muli, hindi naniniwala si Nietzsche sa konsepto ng tama at mali, na para sa kanya ay inimbento lamang ng relihiyon. Ang ganitong relatibismo sa moralidad ay pansin na pansin sa pagpapalabo ng AOT sa linyang naghihiwalay sa pagitan ng tama at mali. Isang ilustratibong ehemplo nito ang eksena ng pag-uusap ni Grisha at ni Eren Kruger (ang nagpasa kay Grisha ng *Attack Titan*) sa S4 E58 ("*Attack Titan*"). Nang tanungin ni Grisha kung ano ba talaga ang katotohanan ukol kay Ymir, ganito ang sinabi ni Kruger:

> Under the Marley authority, she's a pawn of the devil. During the Eldian Empire era, she was a miracle of God. Some say she touched the source of all living matter. Who's to say they're wrong? The only truth in this world is that there is no truth. Anyone can become a god or a devil. All it takes is for people to believe it.

Ang ganitong relatibidad sa moralidad ay lalong nailapat ng AOT sa isyu ng digmaan. May sari-sariling uri ng naratibo ang bansang magkakalaban. Para sa Marley, ang Eldia ay makasalanan, pumatay sila ng maraming tao sa nakaraan, at nananatili silang banta sa seguridad ng daigdig sa kasalukuyan dahil sa kanilang kapangyarihang *Titan* bilang bayan ni Ymir. Para naman sa Eldia, ang Marley ay mapang-abusong bansa na rasista laban sa mga Eldian na naiwan sa kanilang teritoryo, habang ang mga Eldian ng Paradis ay inaapi naman nila sa pamamagitan ng pagpapadala ng *Titan* sa paligid ng mga pader nito. Ngunit ipininta ni Isayama bilang kalokohan ang naratibo ng dalawang bansa. Kung paanong maraming inosente ang namatay sa Shiganshina noong lumusob sina Reiner at Bertolt, marami ring walang kasalanang sibilyan ang namatay noong sinalakay nina Eren ang Liberio. Ipinakita ng *Season* 5 na hindi maaaring simplistikong ipinta sina Reiner bilang demonyo nang lumusob sila sa Paradis,

dahil ginawa lamang nila ang dapat nilang gawin nang hindi nagmumula sa kanilang malayang kilos-loob, dahil sa naratibong minana nila sa kanilang lipunan. Gayundin, ang mga Eldian na lumusob sa Liberio ay hindi rin maiuuri sa payak na puti-itim na kategorisasyon, dahil ginagawa nila ang sa tingin nila'y makatutulong sa preserbasyon ng kanilang bayan. Lalo pang makikita ang relatibismo o pagkatunaw ng distinksyong tama/mali, mabuti/masama nang magsama-sama sa iisang pangkat ang dating magkakalaban na sina Armin, Mikasa, Levi, Hange, Connie, at Jean sa isang banda, at sina Reiner, Annie, Gabi, Falco, at Pieck sa kabilang banda. Ang tema ring ito ng moral na relatibismo marahil ng AOT ang dahilan kung bakit hindi maipipilit na ipasok ang masalimuot na karakter ni Eren sa simplistikong kategorisasyon ng protagonista/antagonista o bida/kontra-bida ng tipikal na mga kwento.

**Karagdagang Pagninilay: Pananangkapan sa Kasaysayan bilang Sandatang Pulitikal**

Sa mga talakayan sa itaas, inilatag ko ang pagsusuri sa dalawang partikular na tema (kalayaan at digmaan) gamit ang mga pilosopikal na pananaw nina Freud, Fromm, Nietzsche, at Schmitt. Sa bahaging ito, nais ko namang maghain ng sariling pananaw sa isa pang mahalagang tema ng AOT: ang kasaysayan bilang sandatang pulitikal. Bagaman sa aking palagay ay 'di hamak na mas prominente ang tema ng kalayaan at digmaan, ang pananangkapan sa kasaysayan bilang sandatang pulitikal ay malaganap din sa buong *anime/manga*.

Sa gitna ng pandaigdigang pulitika sa piksyunal na mundo ng AOT, mayroong tatlong magkakatunggaling paksyon na kumatha ng sari-sarili nilang naratibong pangkasaysayan para sa kanya-kanya nilang adyendang pulitikal. Ang tatlong ito ay ang mga sumusunod: (1) Ang pamilyang Reiss sa Paradis, (2) Ang kaharian ng Marley, at (3) Ang Restorationists na mga Eldian sa Liberio, na ang ideolohiya ay namana kalaunan ng Jeagerists sa Paradis. Magkakaiba ang tatlong ito sa kani-kanilang ipinapalaganap na mga bersyon ng kasaysayan, pero magkakatulad sila sa isang aspekto: pare-pareho nilang ginagamit ang kasaysayan bilang sandatang pulitikal. Siyasatin natin isa-isa ang tatlong ito.

Unahin natin ang bersyon ng kasaysayan ng pamilyang Reiss (ang pamilyang pinagmumulan ng mga nagiging hari sa pamahalaan ng Paradis). Sa S1 E2 ("*That Day: The Fall of Shiganshina, Part 2*") ng *anime,* ibinahagi ng tagapagsalaysay na 100 taon na ang nakararaan, biglang lumitaw ang mga *Titan* na kumain sa mga tao. Mayorya ng sangkatauhan ay nalipol, at ang nalalabing nakaligtas na populasyon ay lumikha ng tatlong dambuhalang pader (Maria, Rose, at Sina) na naging proteksyon nila laban sa mga *Titan.* Sa loob ng 100 taon, naging mapayapa ang pamumuhay ng nalalabing populasyon sa loob ng tatlong pader. Siyempre ay alam na nating hindi ito totoo, na nilikha lamang ng pamilyang Reiss ang bersyong ito ng kasaysayan para sa partikular nilang layuning pulitikal. Isa sa mga instrumento nila upang mapalaganap ang kanilang bersyon ng nakaraan ay ang mga aklat pangkasaysayan. Sa S4 E56 ("*The Basement*"), sinariwa ni Kumander Nile Dawk ng *Militar Police Regiment* ang minsang ipinahayag sa kanya ni Kumander Erwin: na ginagamit ng pamahalaan ang mga aklat pangkasaysayan upang paniwalain ang mga mamamayan na nalipol na ng mga *Titan* ang buong sangkatauhan sa labas ng pader.

Gayun na lamang ang pangangalaga ng pamahalaan sa opisyal na kasaysayan ng estado, na nilikha nila bilang mahigpit na polisiya ang pagpaparusa sa mga taong humahamon dito. Ani nga ni Armin kina Eren at Mikasa (S1 E1, "*To You, After 2,000 Years: The Fall of Shiganshina, Part 1*"), ginawang *taboo* ng pamahalaan ang anumang interes na tuklasin ang daigdig sa labas ng pader. Kaya nga noong ibinahagi ni Armin sa ibang bata ang nalaman niya ukol sa labas ng pader ay binugbog siya ng mga ito at tinawag pang heretiko. Ang pagbabawal na ito sa pagtuklas sa labas ng pader ay naglalayong patuloy na itago ang lihim sa likod ng opisyal na kasaysayan, lihim na ang tanging nakakaalam ay ang mga dugong bughaw sa pamahalaan. Galit na nasambit ni Levi (S3 E41, "Trust"):

> Nobody knows a damn thing about this world. Not us or anyone else. Except for those bastards at the center of it all.

Pilit na itinago ng pamahalaan ang katotohanan, sukdulang magpakita sila ng matinding karahasan. Sa *Season* 3, ipinapatay nila si Pastor Nick upang hindi nito maibunyag ang lihim sa *Scout Regiment*. Kasapi si Pastor Nick ng *Order of the Walls*, ang simbahang nakikipagtulungan sa pamahalaan sa pagpapalaganap ng opisyal na kasaysayan ng estado. Sa parehong *Season,* tinugis ng pamahalaan ang buong *Scout Regiment* nina Kumander Erwin at Kapitan Levi sa pamamagitan ng elit na puwersa ni Kenny Ackermann, upang pigilan ang *Scout Regiment* sa kanilang pagtuklas sa lihim ng pamahalaan.

Kalaunan ay tuluyan na nilang natuklasan ang katotohanan nang magkudeta ang pinagsamang *Garrison Regiment* ni Kumander Dot Pixis at *Scout Regiment* ni Kumander Erwin Smith (na suportado ni Premier Dhalis Zachary) sa S3 E42, "*Reply.*" Nadiskubre nila na ang *Founder Titan* na ipinapasa-pasa sa mga nagiging hari ng Paradis ay mayroong kapangyarihan na burahin at manipulahin ang alaala ng lahat ng Eldian na nasa Paradis (bagay na ipinaliwanag sa S3 E43 at S3 E44). Binura ng pamilyang Reiss ang lahat ng kanilang alaala bago maganap ang pagtatayo ng mga pader, 100 taon na ang nakararaan. Pagkatapos ay tinaniman sila ng bagong alaala ng pamahalaan sa pamamagitan ng mga opisyal na polisiya at mga aklat pangkasaysayan: na sila nalang ang nalalabing populasyon ng sangkatauhan dahil nalipol na ng mga *Titan* ang lahat ng tao sa labas ng pader.

Gayunman, sa *Season* 5 palang unang ipaliliwanag ang dahilan ng pamilyang Reiss sa kanilang historikal na rebisyunismo. Sa talumpati ni Willy Tybur sa S4 E64, "*Declaration of War*", ibinunyag niya na si Karl Fritz ang hari ng Imperyong Eldian na tumapos sa *Great Titan War,* at nagpasyang itakas ang kanyang bayan sa isla ng Paradis. Binura niya ang alaala ng kanyang bayan at pinaniwala sila na sila nalang ang natitirang tao sa buong daigdig. Lumikha siya ng pangako ng kapayapaan – na hindi na gagamitin ng mga Eldian ng Paradis ang kapangyarihang *Titan* upang mangdahas ng ibang lahi. Binantaan ni Karl Fritz ang ibang kaharian na huwag nilang gagambalain ang kapayapaan ng Paradis, dahil kung hindi ay magpapadala ito ng milyon-milyong *Colossal Titan* na lilipol sa buong daigdig. Ngunit hanggang panakot lang ang bantang ito. Wala siyang balak na isagawa ito, bagkus, naglalayon lamang ito na mapigilan ang agarang paglusob ng ibang kaharian sa Paradis. Alam ni Karl Fritz na hindi mapipigilan sa hinaharap ang paglusob ng Paradis. Ginamit niya lamang ang banta upang magkaroon ng kapayapaan ang Paradis sa maiksing panahon (tulad ng 100 taong

kapayapaan sa loob ng pader). Tanggap niya ang pagkalipol kalaunan ng sarili niyang bayan sa Paradis, dahil ito umano ang kabayaran sa mga kasalanan ng kanyang lahi sa mga pang-aaping isinagawa ng Imperyong Eldian sa ibang mga bansa. Ang ideolohiya ng pasipismo (*pacifism*) o kontra-digmaan ay ipinamana ni Karl Fritz sa sumunod na mga hari na makatatanggap ng *Founder Titan,* upang hindi na muling mandahas ang mga Eldian gamit ang kapangyarihang *Titan.*

Samakatuwid, ideolohiya ng kontra-digmaan ang pinaglilingkuran ng naratibong pangkasaysayang nilikha ng pamilyang Reiss. Ang kanilang pagbura sa alaala ng taumbayan ay daan upang makontrol nila ang mga ito: upang hindi magpumiglas ang taumbayan at kumontra sa kalooban ng pamilyang Reiss na tanggapin na lamang ang kanilang kalaunang pagkalipol. Kalakip ng pagbura ng alaala ang pananangkapan ng pamahalaan sa *soft power* tulad ng sistemang pang-edukasyon, kung saan ang mga aklat ay nagsasalaysay ng naratibong pangkasaysayan (*i.e.* wala nang tao sa labas ng pader) na pabor sa opisyal na ideolohiyang pasipista (*pacifist*) ng estado.

Tingnan naman natin ngayon ang bersyon ng kasaysayang ipinapalaganap ng Marley para sa sarili nilang adyendang pulitikal. Malinaw na naipahayag ang bersyong ito ng kasaysayan sa pagsasalaysay na isinagawa ng tatay ni Grisha sa kanya noong bata pa siya (S4 E57, “*That Day*”). Gamit ang isang aklat pangkasaysayan, ibinahagi ng kanyang ama na ang kauna-unahang *Titan* na si Ymir Fritz ay nakipagkasundo sa demonyo upang makamit ang kapangyarihang *Titan.* Ang kapangyarihang ito ang naging daan upang maitatag ang Imperyong Eldian. Kinasangkapan ng imperyo ang kapangyarihang *Titan* upang magapi ang Marley at apihin ang iba’t ibang kaharian sa daigdig. Ito aniya ang dahilan kung bakit nararapat lamang sa kanilang mga Eldian ng Liberio na apihin sila ng Marley sa kasalukuyan.

Bukod sa mga akdang pangkasaysayan, naging instrumento rin ng Marley ang mandatoryong panunumpa ng katapatan sa estado. Tingnan ang panunumpang ito na binigkas ni Falco sa harap ni Reiner (S5 E61, “*Midnight Train*”):

> I, Falco Grice, hope to be freed from the evil blood of Ymir and my ancestors. I pledged my life to Marley.

Kapansin-pansin na integral na bahagi ng panunumpa sa Marley ang pagyurak sa sariling lahi bilang mga Eldian. Malalim na naitanim ng Marley sa mga Eldian ng Liberio ang ganitong naratibong pangkasaysayan. Paulit-ulit na ipinapaalala sa kanila na kailangan nilang pagbayaran ang kasalanan ng kanilang mga ninuno (Fan 2021). Nagdulot ito sa kanila ng mababang pagtingin sa sariling lahi, at labis na pagkagalit sa mga kapwa Eldian na nasa Paradis. Sa isang eksena sa S5 E62, “*The Door of Hope*”, noong bata pa si Reiner ay idinidiin sa kanya ng nanay niyang si Karina na iniwan sila ng mga kapwa Eldian na tumakas patungong Paradis. Ang dugo raw ng mga demonyong ito ang nananalaytay sa kanila, na siyang dahilan kung bakit masama ang trato sa kanila ng mga Marleyan. Naitanim ito sa kamalayan ni Reiner. Kalaunan, sumali siya sa ekspedisyong ipinadala ng Marley sa Paradis, dahil sa pananaw niya, kabayanihan ang paglipol sa buong populasyon ng mga Eldian sa Paradis. Para sa kanila, ang pagkawasak lamang ng Paradis ang tanging daan upang lubos na mapalaya ang mga Eldian ng Liberio. Sobrang normal na ng masamang pananaw nila sa mga Eldian ng Paradis, kaya naman labis na nagulat si Karina

sa mga salaysay ni Reiner ukol sa kanyang mga karanasan sa Paradis pagbalik nito sa Liberio. Nang ilarawan niya ang mga Eldian ng Paradis bilang mga pangkaraniwang tao na gumagawa ng mga pangkaraniwang bagay, nagitla si Karina, dahil buong buhay niya ay pinaniwala siya ng kanyang lipunan na demonyo ang mga Eldian ng Paradis (Motamayor 2021). Sa katunayan, hindi siya makapaniwala na nagsasabi ng mga ganitong bagay si Reiner, at idiniin niya pa rin kay Gabi na talagang masama ang mga Eldian ng Paradis (S5 E61, "*Midnight Train*").

Isa pang mahalagang bahagi ng naratibong pangkasaysayan ng Marley ang persona ni Helos. Sa opisyal na kasaysayan ng kanilang estado, si Helos ang ipinangangalandakang tumapos sa *Great Titan War.* Siya ay isang Marleyan na tumalo sa mga *Titan,* na naging daan sa pagtakas ng mga Eldian (sa pamumuno ni Karl Fritz) sa Paradis (batay sa pag-uusap nina Willy Tybur at Kumander Theo Magath sa S5 E63, "*From One Hand to Another*"). Itinuturing ng marami si Helos bilang tagapagligtas ng buong daigdig laban sa pananalasa ng mga Eldian gamit ang kapangyarihang *Titan.*

Sa konteksto ng mga ito makikita ang epektibong paggamit ng Marley sa kanilang sariling bersyon ng kasaysayan para sa kanilang imperyalistang ideolohiya. Sa pamamagitan ng pagpapasama ng imahe ng Imperyong Eldian sa nakaraan (na gumagamit ng kapangyarihang *Titan* upang mang-api), mabibigyang-katarungan nila ang rasismong ipinaparanas nila sa mga Eldian ng Liberio. Gamit ang ganitong naratibo ay mabilis din nilang mahihikayat ang mga Eldian ng Liberio na maging kasangkapan para sa pagpapabagsak ng Paradis. Samantala, mas malawak ang kapakinabangang nakukuha ng Marley sa paggamit sa historikal na pigurang si Helos. Sa pamamagitan ng presentasyon kay Helos bilang tagapagwakas ng Imperyong Eldian, nalikha nila ang imahe ng Marley bilang tagapagligtas ng daigdig (yamang si Helos ay isang Marleyan). Dahil dito ay madaling makukuha ng Marley ang simpatya ng iba't ibang kaharian, at mabilis silang mapapagbigkis kontra sa iisang kalaban – ang Paradis (na dinedemonisa ng Marley bilang banta sa seguridad ng buong mundo). Sa konteksto ng ganitong naratibong pangkasaysayan ay makikita ng lahat na makatarungan lamang na sakupin ng Marley ang Paradis. Ito'y sa kabila ng katotohanan na ang dahilan talaga kung bakit nila gustong sakupin ang Paradis ay dahil sa mayamang langis na nakaimbak dito. Kailangan ng Marley ang langis na ito upang mas mapalakas ang kanilang puwersang militar. Samakatuwid, kinakasangkapan ng Marley ang kanilang nilikhang bersyon ng kasaysayan para mapanatili ang kanilang pandaigdigang kapangyarihan.

Taliwas dito, lumikha ang mga Restorationist ng Liberio ng isang kontra-naratibo na humahamon sa opisyal na kasaysayan ng Marley. Gamit ang mga ipinadalang aklat pangkasaysayan ni Owl (alyas ni Eren Kruger), natuklasan nina Grisha Jeager na naging mabuti ang pamamahala ng Imperyong Eldian sa mga kahariang sakop nito. Ayon sa aklat, ginamit ng mga Eldian ang kapangyarihan ng mga *Titan* upang paunlarin ang agrikultura, magtayo ng mga tulay, at iba pang mga makapagpapalago sa sibilisasyon ng buong kontinente. Samakatuwid, taliwas sa pagpinta dito ng Marley bilang Panahon ng Kadiliman, pinaniwalaan ng Restorationists ang pamamayagpag noon ng Imperyong Eldian bilang Ginintuang Panahon. Ani nga ng isang Restorationist (S4 E57, "*That Day*")*:*

The history we were taught is just a convenient deception of Marley.

Kung paanong puwersahang ipinamudmod ng ama ni Grisha sa kanya ang bersyong pangkasaysayan ng Marley noong bata pa siya (na masama ang Imperyong Eldian), sapilitan ding itinanim ni Grisha sa kanyang anak na si Zeke ang bersyong pangkasaysayan ng mga Restorationist. Ang bersyong pangkasaysayang ito ang naging sandigan ng Restorationists sa pagbuo ng kilusan na naglalayong muling maitatag ang Imperyong Eldian. Para sa kanila, yamang Ginintuang Panahon ang pamamayagpag ng Imperyong Eldian sa nakaraan, marapat lamang na ibalik ito sa kasalukuyan upang maipagpatuloy ang naudlot na kaunlaran ng sangkatauhan. Ang bersyong pangkasaysayan din na ito ang ginamit nila upang bigyang-katwiran ang paglaban sa Marley. Sa opisyal na kasaysayan ng Restorationists, ang tunay na nang-aapi ay hindi ang Eldia kundi ang Marley.

Bagaman nabigo ang kilusan ng mga Restorationist sa pamumuno ni Grisha dahil sa pagkakadakip sa kanila ng Marley, lumitaw kalaunan sa Paradis ang isang bagong kilusan na nagpatuloy sa ideolohiya ng Restorationists. Ang bagong kilusang ito ay ang Jeagerists. Nabuo ang kilusang ito sa pamamagitan ng pamumuno ni Eren Jeager, na anak ni Grisha. Tulad ng Restorationists, naniniwala ang Jeagerists sa dakilang nakalipas ng Imperyong Eldia, kaya naman nararapat lamang na muli itong maitatag. Kung paanong tinataliwas nila ang naratibo ng Marley (*i.e.* Panahon ng Kadiliman ang pamamayagpag ng Imperyong Eldian), binabatikos din nila ang naratibo ng pamilyang Reiss (*i.e.* dapat tanggapin ng Eldia ang pagkawasak nito dahil sa pang-aaping ginawa ng imperyo nila sa nakaraan). Ang ganitong pananaw pangkasaysayan ang ginamit ng mga Eldian ng Paradis upang suportahan ang pagwasak ni Eren sa maraming kaharian sa labas ng pader sa pamamagitan ng *Rumbling.* Para sa kanila, nararapat lamang ito upang ipagtanggol ang inaaping Eldia na may dakilang nakaraan.

Sa mga talakayan sa itaas, may mapapansing padron (*pattern*) sa kung paano ginagamit ng pamilyang Reiss, Marley, at Restorationists/Jeagerists ang kani-kanilang bersyon ng nakaraan. Pare-pareho nilang kinakasangkapan bilang sandata (*weaponization*) ang kasaysayan para sa kanya-kanya nilang adyendang pulitikal. Para sa pamilyang Reiss, ang opisyal na kasaysayan ng estado ng Paradis (*i.e.* nalipol na ang sangkatauhan sa labas ng pader 100 taon na ang nakararaan) ay naglalayong isulong ang pasipista o kontra-digmaang ideolohiya, upang tuluyan nilang matubos ang sarili mula sa mga kasalanan ng sinaunang Imperyong Eldian. Sa kaso ng Marley, ang bersyong pangkasaysayan ng estado (*i.e.* inapi ang Marley at ang daigdig ng sinaunang Imperyong Eldian gamit ang kapangyarihan ng mga *Titan*) ay naghahangad na mapanatili ang katayuan ng Marley bilang isang pandaigdigang puwersang militar. Sa panig naman ng mga Restorationist/Jeagerist, ang kanilang naratibong pangkasaysayan (*i.e.* Ginintuang Panahon ang pandaigdigang pamamayagpag ng sinaunang Imperyong Eldian) ay patungo sa muling pagbangon ng Eldia, at paggapi sa Marley at iba pang estadong nagtatangka laban sa pag-iral nito.

Isa pang magkakatulad na padron ng tatlo: pare-parehong humahantong sa karahasan ang kani-kanilang naratibong pangkasaysayan. Tulad ng nakita na, ang lohikal na implikasyon ng bersyong pangkasaysayan ng Marley ay ang paglipol sa

buong populasyong Eldian sa Paradis. Ang ideolohiyang pangkasaysayan naman ng Restorationists, na minana kalaunan ng Jeagerists, ay humantong sa malagim na *Rumbling* ni Eren. Totoo rin ito sa kaso ng pamilyang Reiss sa Paradis. Napakalaking kabalintunaan na para makamit nila ang mapayapa o pasipista/kontra-digmaang tunguhin, kinailangan nilang gamitan ng dahas ang sinumang tataliwas sa kanila (tulad ng *Scout Regiment*).

Sa ganang ito, nais kong igiit na maaaring makita ang AOT bilang kritika sa mga naratibong pangkasaysayan ng mga estado na humahantong sa karahasan at pang-aapi. Siyempre, alam natin na may ibang mga manunulat na pinaparatangan ang AOT bilang kumikiling sa pasismo, tulad ng kontrobersyal na rebyu ni Tom Speelman (2019) sa AOT. Hindi ito nakapagtataka, yamang naipakita rin ng rebyu na ito ang mahigpit na kaugnayan ng AOT sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Dagdag pa rito ang ipinakitang madaling pagkakapasok ng pilosopiya nina Schmitt at Nietzsche sa naturang *anime/manga.* Gayunman, sumasang-ayon ako kay Rafael Motamayor (2021) nang sabihin niyang "*depiction is not necessarily endorsement.*" Maaari ngang humugot si Isayama ng mga reperensya mula sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, *Holocaust,* pilosopiyang Nazi, at maaari pang mula sa maka-Kanang kontemporaryong pulitika ng Japan, pero hindi ito awtomatikong nangangahulugan na isinusulong niya na ang mga ito. Sa katunayan, maaaring sa pamamagitan ng depiksyon sa mga ito sa AOT ay 'di-tuwirang kinakastigo ni Isayama ang pasismo at rasismo, tulad ng giit ni Faiyaz Chowdhury (2020). Siyempre ay malaking debate ang aspektong ito ng AOT, at kinakailangan pa ng mas masusing pagsusuri sa hinaharap. Gayunman, ang aking pagbasa, bagaman preliminaryo, ay naglalayong makapag-ambag sa nagpapatuloy na talastasang ito ukol sa pasismo/rasismong tema ng obra ni Isayama.

Sa konteksto ng ating inihahaing pagbasa sa AOT, nagtuturo ang *anime/manga* ng kahalagahan ng pagiging mapanuri (o mapagduda pa nga) sa anumang naratibong pangkasaysayan. Maaaring tularan dito ang asal na ineendorso ng *hermeneutics of suspicion* ni Paul Ricoeur, kung saan dapat hukayin ang mga kahulugang nakapailalim/nakakubli sa teksto, sa halip na agad paniwalaan ang tuwirang sinasabi nito (Stewart 1989, 296). Sa pagsusuri ng anumang naratibong pangkasaysayan, laging kailangang itanong: sino/ano ang pinaglilingkuran nito? Matagal nang nailantad ang pagiging hungkag ng positibistang pananaw sa kasaysayan bilang obhektibo – walang anumang motibo kundi salaminin ang tunay na nangyari sa nakaraan. Alam na natin sa kasalukuyan na hindi ganito kasimplistiko ang kasaysayan bilang rekonstruksyon ng nakaraan. Ang anumang naratibong pangkasaysayan ay nililikha ng tao, at ang tunguhin/anyo nito ay laging naiimpluwensyahan ng pinagmumulang kapookan ng tao (kultura, uri, kasarian, lahi, pulitika, relihiyon, atbp.).

Lalo pang kailangang maging mapanuri/mapagduda kapag ang isang naratibong pangkasaysayan ay nilikha/isinusulong ng isang estado o ng anumang pwersang nais humawak sa kapangyarihan ng estado. Kailangang pagnilayan kung kaninong interes ang pinagsisilbihan, at kaninong kapakanan ang naisasakripisyo ng isang naratibong pangkasaysayan. Naipakita ito ng AOT sa kaso ng naratibong pangkasaysayan ng pamilyang Reiss, kahariang Marley, at

paksyong Restorationists/Jeagerists*,* na pare-parehong nandadahas ng mga mas mahihina sa ngalan ng kanilang sari-sariling interes*.*

Lalong napakahalaga ng ganitong aral ng AOT sa kontemporaryong kontekstong Pilipino. Isa sa mga napapanahong paglapatan nito ang mga umiinog na naratibong pangkasaysayan patungkol sa Batas Militar, kaugnay ng tunggalian sa kontemporaryong pulitikang pambansa (*cf.* Arguelles 2017). Gayunman, isang paksa na itong nararapat paglaanan ng isang hiwalay na pagmumuni-muni.

**PAGTATAPOS**

Sinubukan nating magsagawa ng pagmumuni sa *Attack on Titan* ni Hajime Isayama, partikular sa tema ng kalayaan at digmaan sa pamamagitan ng pilosopikal na pananaw nina Sigmund Freud, Erich Fromm, Carl Schmitt, at Friedrich Nietzsche. Ito ay upang magbigay ng halimbawa kung paano masusuri ang *anime*/*manga* na Hapon sa pamamagitan ng pilosopiyang Aleman/Austriano, na nakasulat sa wikang Filipino. Bukod rito, naglapat din tayo ng sariling interpretasyon sa AOT, partikular sa tema ng pananangkapan sa naratibong pangkasaysayan bilang sandatang pulitikal. Kung tutuusin, preliminaryo pa lamang talaga ang mga pagsusuring ito. Marami pang samu't saring pamamaraan ng pagninilay na maaaring mailapat sa AOT, na isang mayamang balon na mapagsasalukan ng maraming kahulugan. Maaaring gumamit ang susunod na mga mananaliksik ng ibang mga pilosoper at sikolohista sa pagsusuri nito (o iba pang mga disiplinal na lente tulad ng kasaysayan, agham pampulitika, sosyolohiya, at teolohiya). Bukod sa kalayaan, digmaan, at kasaysayan bilang sandatang pulitikal, napakarami pang temang maaaring siyasatin sa AOT, tulad ng rasismo, pasismo, diplomasya, represyon, likas na karahasan ng tao, kontra-natalismo (*cf.* Wisecrack 2021), at iba pa. Iba't ibang pananaw at konsepto pa ang siguradong lilitaw sa hinaharap sa pag-aaral ng makabuluhang kathang ito ni Isayama.

Ang ginawa natin ay isang anyo palang ng "pagpapasok" sa talastasang Pilipino, sa pamamagitan ng paggamit ng wikang pambansa sa pagsusuri ng isang banyagang *anime*/*manga* (Hapon) mula sa pananaw ng banyaga ring pilosopiya (Aleman/Austriano). Bagaman mahalaga ang gawain ng pagsasalin, hindi ito sapat. Matapos ang pagsasalin ay dapat na humakbang tayo sa mas mataas na antas ng pagpapasok ng banyagang elemento sa kontekstong Pilipino: ang gawain ng "pag-angkin." Kung sa pagsasalin ay ipinapasok lang natin ang mga banyagang elemento sa kontekstong Pilipino sa pamamagitan ng paggamit ng wikang pambansa, sa pag-angkin naman ay sinisikap nating tuluyan nang maiangkop ang banyagang elemento sa kultura at pananaw-pandaigdig ng mga Pilipino. Isang maaaring pamamamaraan dito ay ang pag-analisa sa banyagang tradisyon gaya ng *anime*/*manga* (hal. Hapon) gamit naman ang kaisipan ng mga Pilipinong pilosoper at iba pang akademiko. Maaari rin naman na suriin ang banyagang tradisyon gamit mismo ang mga konseptong nagmumula sa kulturang Pilipino tulad ng loob, ginhawa, ganda, kapwa, dalamhati, at marami pang iba. O maaari ring praktikal na ilapat ang halaga ng mga *anime*/*manga*/pilosopiyang ito sa mga napapanahong isyung panlipunan ng Pilipinas.

## Sanggunian

Acosta, Joseph. “REVIEW: ‘Attack on Titan:’ The Best Anime of All Time—And It’s Still in the Making.” Marso 2, 2021. *UP University Press,* https://bit.ly/3ocopEi. Inakses noong Mayo 1, 2021.

Aguilar, Freddie. *Bayan Ko* (1979).

Ahmed, Sofe. “Sigmund Freud’s Psychoanalytic Theory Oedipus Complex: A Critical Study with Reference to D. H. Lawrence’s ‘Sons and Lovers.’” *International Journal of English and Literature* Vol. 3, No. 3 (March 2021): 60-70.

Al-Ani, Maysam. “Attack on Titan: Fan Reception of Religion and Race.” Nobyembre 4, 2014. *The Artifice,* https://bit.ly/3KXuePJ. Inakses noong Mayo 3, 2021.

Arguelles, Cleve Kevin Robert V. “Duterte’s Other War: The Battle for EDSA People Power’s Memory.” Nasa *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte’s Early Presidency*, pat., Nicole Curato, 263-282. Quezon City: Bughaw, 2017.

Boag, Simon. “Freudian Repression, the Common View, and Pathological Science.” *Review of General Psychology* Vol. 10, No. 1 (2006): 74-86.

Brinkhof, Tim. “Nazism Repackaged? A Closer Look at the ‘Fascist Subtext’ of ‘Attack on Titan.’” Marso 18, 2020. *Popmatters,* https://bit.ly/3AIqm0x. Inakses noong Mayo 2, 2021.

Carson, D.A. *The Intolerance of Tolerance.* Grand Rapids, Michigan: William B. Eerdmans Publishing Company, 2012.

Carson, D.A. “The Changing Face of Words.” *Themelios* Vol. 43, Issue 3 (2018): 339-342.

Chowdhury, Faiyaz. “Attack on Titan's Criticism of Fascism & Racism is Far from Subtle.” June 21, 2020. *CBR.com,* https://bit.ly/3AOFDwR. Inakses noong Pebrero, 2, 2022.

Cohen, Richard A. “The Power of Carl Schmitt: Fascism, Dualism, and Justice.” *Religions* Vol. 10, No. 7 (2019): 1-16.

DBZimran. “Attack on Titan: Freedom Explained/Theme Analysis.” August 4, 2020. *Youtube,* https://bit.ly/3Hirn1Q. Inakses noong Mayo 3, 2021.

De Leon, Emmanuel. “Ang Landas ng Pagtatanong ni Heidegger ukol sa Teknolohiya: Pagtatalas sa Tanong sa Sein.” *Kritike* Vol. 7, No. 2 (December 2013): 84-94.

Demeterio, Feorillo P. A. III. “Status and Directions for ‘Filipino Philosophy’ in Zialcita, Timbreza, Quito, Abulad, Mabaquiao, Gripaldo, and Co.” *Φιλοσοφια* Vol. 14, No. 2 (2013): 186-215.

Fan, Ryan. “The Politics Behind ‘Attack on Titan.’” February 10, 2021. *Medium,* https://bit.ly/345OG0y. Inakses noong Pebrero 2, 2022.

Ferriols, Roque J. *Mga Sinaunang Griyego.* Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992.

Ferriols, Roque J. *Pilosopiya ng Relihiyon.* Quezon City: BlueBooks, 2014.

Freud, Sigmund. *The Interpretation of Dreams.* Isinalin at pinatnugutan ni James Strachey. New York: Basic Books, 1955.

Fromm, Erich. *Escape from Freedom.* New York: Open Road, 2013.

Gokalp, Nurten. “Philosophy Education and Human Freedom.” *Procedia – Social and Behavioral Sciences* Vol. 47 (2012): 477-479.

Griffis, Emily. “Predator vs. Prey: The Human Monstrosity in Attack on Titan.” *Digital Literature Review* Vol. 4 (2017): 1-13.

Keown, Damien. *Buddhism: A Very Short Introduction.* Oxford: Oxford University Press, 1996.

Kumar, Arvind. "Psychosis and Sophistication in Doris Lessing's *Ben in the World.*" *Global Journal for Research Analysis* Vol. 8, Issue 8 (August 2019): 131-133.

Lyotard, Jean-Francois. "Ang Pilosopiya ni Jean-Francois Lyotard bilang Batayang Teoretikal sa Araling Filipino." *Kritike* Vol. 7, No. 2 (December 2013): 95-111.

Motamayor, Rafael. "The True Themes of 'Attack on Titan' Are Finally Coming Into Focus." January 17, 2021. *Observer,* https://bit.ly/3rliIGh. Inakses noong Pebrero 2, 2022.

MyAnimeList. "Top Anime by Popularity." *MyAnimeList,* https://bit.ly/3resgTq. Inakses noong Mayo 1, 2021.

Nietzsche, Friedrich. *Beyond Good and Evil: Prelude to a Philosophy of the Future.* Isinalin ni Hellen Zimmern. New York: Dover Publications, Inc., 1997.

O'Cuana, Emmet. "Sturm und Drang: Germany Influence on Shingeki no Kyojin." Hulyo 2, 2014. *Sequart Organization,* https://bit.ly/3AJxIkq. Inakses noong Mayo 3, 2021.

Redderik. "Attack on Titan's Dark Secret." December 12, 2020. *Youtube,* https://bit.ly/3s7xlvU. Inakses noong Mayo 2, 2021.

Salazar, Zeus. "Mula sa Patnugot." Nasa Zeus Salazar, pat. *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*. Lunsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974.

Salazar, Zeus A. "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino." Nasa Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan, mga pat., Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza, 19-46. Quezon City: University of the Philippines Press, 1996.

Santos, Mark Joseph P. Santos. *19 Rebyu Kontra COVID-19: Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya, at Panitikan.* Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2021.

Sonal. "Attack on Titan: 10 Insane Fan Theories that Prove the Anime is Propaganda." Abril 27, 2020. *CBR.com,* https://bit.ly/3HfL9L7. Inakses noong Mayo 3, 2021.

Speelman, Tom. "The Fascist Subtext of Attack on Titan Can't Go Overlooked." June 18, 2019. *Polygon,* https://bit.ly/3Hpbl6b. Inakses noong Pebrero 2, 2022.

Stewart, David. "The Hermeneutics of Suspicion." *Journal of Literature & Theology* Vol. 3, No. 3 (November 1989): 276-307.

Suh, Caroline Suh. "Plato's 'Republic' and Attack on Titan: The Parts of the Soul, Job Specialization, and Nature." Hulyo 2, 2014. *Caroline Suh.* https://bit.ly/3ATOGwA. Inakses noong Mayo 2, 2021.

The Daily Critic. "The Final Panel of Attack on Titan: What Could It Mean?" Marso 29, 2020. *The Daily Critic.* https://bit.ly/3gbG2QA. Inakses noong Mayo 2, 2021.

Timbreza, Florentino T. *Ang Tao Te Ching ni Lao Tzu sa Filipino.* Manila: De La Salle University Press, 1999.

Vernon, Alice. "Colossal bodies: re-imagining the human anatomy in Hajime Isayama's Attack on Titan." *Journal of Graphic Novels and Comics* Volume 8, Issue 5 (2017): 480-493.

Wisecrack. "The Philosophy of Attack on Titan – Wisecrack Edition." February 28, 2017. *Youtube*. https://bit.ly/32JkUxI. Inakses noong Mayo 3, 2021.

Wisecrack. "Should We Cease To Exist? | A Philosopher Responds to Attack on Titan." May 18, 2021. *Youtube,* https://bit.ly/3L5PxyC. Inakses noong Pebrero 2, 2022.

Yamasaki, Asuka. "'Only the Winner is Allowed to Live': The Concept of Cannibalism in Attack on Titan." *ImageTexT: Interdisiplinary Comic Studies* Volume 10, No. 2 (2018-2019).

Zacharias, Ravi. *Can Man Live Without God?* Nashville, Tennessee: Thomas Nelson, 1994.

Zacharias, Ravi. *The Real Face of Atheism.* Grand Rapids, Michigan: Baker Books, 2004.

## Bionote

Si **Mark Joseph Pascua Santos** ay nagtapos ng Bachelor of Arts in History, *cum laude* (2015) at Postbaccalaureate in Teacher Education (2017), kapwa mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, at Master of Divinity sa Manila Theological College (2021). Nakapaglathala siya ng ilang artikulo at panunuring-aklat sa mga akademikong dyornal tulad ng *Tala Kasaysayan, Dalumat E-Journal,* at *Historical Bulletin.* May-akda siya ng aklat na *19 REBYU KONTRA COVID-19: Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya, at Panitikan.* Patnugot din siya ng *Martes sa Escaler* at *Martes sa Escaler II,* na kalipunan ng mga talakayan ni Zeus Salazar ukol sa metodolohiyang pangkasaysayan at pilosopiya ng kasaysayan. Nakasentro ang interes ng kanyang pananaliksik sa *indigenization movements* o Pilipinisasyon sa akademya tulad ng Pantayong Pananaw at Teolohiyang Pilipino. Nagturo siya sa PUP Departamento ng Kasaysayan mula 2016 hanggang 2019. Kasalukuyang Instruktor si Santos sa Departamento ng Agham Panlipunan at Humanidades ng Pamantasang Centro Escolar.